Hulyo 29, 2013

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 87, s. 2013

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

Sa mga: Pansangay na Tagamasid
Tagamasid ng Distrito
Punong-guro/Ulong-guro
Guro

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013 ng Kagawaran ng Edukasyon, ang tema ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa taong ito ay **"Wika Natin ang Daang Matuwid"** at alinsunod sa itinakdang Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041, s.1997, ang taunang pagdiriwang ng wika ay gaganapin tuwing Agosto 1-31.

2. Kalakip sa Memorandum Pansangay na ito ay ang mungkahi ng mga gawain at Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013 ng Kagawaran ng Edukasyon, na naglalaman ng mga layunin sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

3. Malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**CHERRY MAE L. LIMBACO, Ph.D., CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 10
**DIBISYON NG MISAMIS ORIENTAL**
Lungsod ng Cagayan de Oro

**TEMA : WIKA NATIN ANG DAANG MATUWID**
(Batay sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013)

**MUNGKAHI NG MGA GAWAIN PARA SA BUWAN NG WIKA**
Agosto 1-31, 2013

| AGOSTO , 2013 | MGA GAWAIN |
|---|---|
| **1-2** | • **Pasulit para sa unang markahan** |
| 5 | • Paglulunsad ng mga gawain para sa buwan ng wika<br>• Pagtalakay ng kasaysayan at kahalagahan ng Wikang Pambansa<br>• Paglilinis ng buong kampus<br>( ang bawat mag-aaral ay magdadala ng walis at sako para lalagyan ng basura ) |
| 6-7 | • Paggawa/pagguhit ng poster na may kaugnayan sa tema<br>( ang mga poster ay ididikit sa buletin bord ng klase) |
| 8-9 | • Pagsulat ng talumpati ( bibigkasin sa huling linggo ng Agosto) |
| 12 | • Tagisan ng talino sa Filipino( isasagawa sa bawat klase )<br>• Banal na Misa ( gaganapin sa bulwagan ng paaralan ) |
| 13-14 | • Pagsulat ng sanaysay |
| 15-16 | • Pagsulat ng tula ( malayang taludturan / may sukat at may tugma ) |
| 19-23 | • Pagbigkas ng talumpati/ tula o pag-awit ng ng awiting Filipino/sayawit/pagsasadula kaugnay sa tema |
| 26-30 | • Pampinid na Palatuntunan ( isasagawa sa klase)<br>• Paglilinis ng buong kampus |

- Iminumungkahi ang pagkabit ng *tarpaulin* sa tarangkahan(*gate*) ng paaralan na nakasulat ang tema sa buwan ng wika

- Lahat na mga gawaing naimungkahi sa itaas ay gaganapin sa oras ng asignaturang Filipino at sa bawat klase/silid upang ang lahat na mag-aaral ay may pagkakataong makilahok sa gawain.

- Ganyakin ang lahat na mga mag-aaral na makibahagi sa mga gawaing nakasulat sa itaas ngunit **huwag** payagang pumunta sa paaralan sa araw ng Sabado/Linggo o araw na walang pasok para lamang mag-ensayo.

- Pumili ng isang pinakamagaling/pinakamagandang awtput sa bawat gawain ( poster, talumpati, tula, sanaysay, tagapagkwento, mambibigkas ng talumpati/tula , pinakamagaling sa sayawit/ dula at iba pang gawain…) …ang magagaling ay ipalalabas sa pampinid na palatuntunan at gagawaran ng gantimpala. Ito ay gaganapin sa bawat klase .

Inihanda:

**RHODORA LANZA- GALLARES**
EPS-1(Filipino)

Inaprubahan :

**CHERRY MAE L. LIMBACO,Ph.D.,CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon

28 MAY 2013

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 89 , s. 2013

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31 alinsunod sa itinakdang Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Wika Natin ang Daang Matuwid.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;

b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at

c. maganyak ang mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Hinati sa mga sumusunod na diwa ang pangkalahatang tema ng pagdiriwang:

- Ang Wika Natin ay Wika ng Katarungan at Kapayapaan;
- Ang Wika Natin ay Laban sa Katiwalian;
- Ang Wika Natin ay Sandata Laban sa Kahirapan;
- Ang Wika Natin ay Wika ng Mabilisan, Inklusibo, at Sustenidong Kaunlaran; at
- Ang Wika Natin ay Wika sa Pangangalaga ng Kaligiran.

4. Ang mga nabanggit na sub-tema ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito inayos sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

6. Hinihiling sa mga kinauukulan na diretsong magsumite ng isang buwang programa ng pagdiriwang bago ang **Hunyo 31, 2013** sa:

**Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**
Sangay ng Impormasyon at Publikasyon
2/F Watson Bldg., JP Laurel Street, Malacañang Palace Ground
San Miguel, Maynila
Telepono Blg.: (02) 736-2524; (02) 736-2525; (02) 736-2519
Email Address: komfil.gov@gmail.com
Website Address: www.kwf.gov.ph

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 104, s. 2012

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS

Madel: Buwan ng wika
0450 - May 16, 2013